# Ang Bulalakaw

Sinulat nina:
**Thine Jeuelle I. Iguin**
**Michelle N. Yerro**
Guhit ni: **Lorlyn Marjorie A. Severo**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Naninirahan sa Ilaya sina Lola Conching at ang apo nito na si Elias na may kakaibang lakas.

"Lola, pupunta muna ako sa gubat upang maglaro," pagpapaalam ni Elias. "Mag-ingat ka apo at huwag mong gambalain ang mga tanim at hayop na madadaanan at makikita mo," bilin ng kaniyang lola. "Opo lola," at dali-daling umalis si Elias.

Sa paglalakad ni Elias, pinagpuputol-putol niya ang mga sanga ng puno na nakaharang sa kaniyang dinaraanan. Naisipan niya itong gawing tirador. Sa kanyang pagpapatuloy, may nakita siyang puno ng balete. Nagpabaging-baging siya sa punong ito hanggang sa unti-unti nang nababali ang sanga nito.



Palubog na ang araw kaya napagpasyahan niya na umuwi na. May nakita siyang mamula-mula at malaking ibon na nakadapo sa isang puno. "Aha, ibon! Eto ang sa 'yo!," at tinirador niya ito. Nang tumama ang bato sa ibon, biglang

nabalutan ng apoy ang ibon at nagliyab. “Aaaahhh,” sumigaw si Elias sa takot at kumaripas ng takbo pauwi.

Pagdating sa bahay ni Lola Conching, napansin niyang pinagpapawisan ang apo at nanginginig. Mataas na pala ang lagnat nito. “Ano ang nangyari sa iyo apo? Ano ba ang ginawa mo?” tanong ng kaniyang lola.

Ikinuwento niya kung ano ang mga nangyari sa kaniya sa gubat. Nakaramdam ng takot si Lola Conching at naisip nito na ang nakita ng kaniyang apo ay isang bulalakaw. “Diyos ko apo, hindi mo dapat ginawa ang mga iyon. bulalakaw iyon, isang umaapoy na ibon na nangangalaga sa gubat,” paliwanag ng Lola.

Agad-agad nanalangin si lola Conching kasama si Elias na ibabalik ang lahat ng sinira sa kagubatan, pagalingin lamang ang kaniyang apo.

Kinaumagahan, gumaling na si Elias. Laking pasasalamat ni lola Conching dahil dininig ang kanilang panalangin. Napagpasyahan ni Elias na bumalik sa gubat upang magtanim ng mga puno bilang kapalit sa mga sinira niya. At simula noon, hindi na ginambala ni Elias ang mga puno at hayop sa gubat.

